

Proyektong Fitme

Guam Early Hearing Detection and Intervention (Guam EHDI)



Ano ang Guam EHDI-Fitme?

Ang proyektong ito ay naglalayong gumawa tungo sa Pangkabuuang Programang Adhikain upang suportahan ang pag-unlad ng isang pang-estadong programa at sistema ng pangangalaga na makatitiyak na ang mga bingi o mga mahihina ang pandinig na mga bata ay malaman sapamamagitan ng newborn and infant hearing screening at makatanggap ng paghahalaga, pagsusuri, at naaangkop na pamamagitan na magpapahusay ng kanilang pananalita, kaalaman, at panglipunang emosiyunal na pag-unlad. Ang adhikanin ng programang ito ay ang mga sumusunod:

1. Pataasin ang kaugnayan ng mga pangkalusugang propesyunal sa kaalaman ng systemang EHDI.
2. Pahusayin ang pagkakaroon ng maagang pamamagitan sebisyo at pagkatamo ng wika.
3. Pahusayin ang pampamilyang kaugnayan, samahan at pamumuno sa loob ng programa at sistemang EHDI.

Alam mo ba na ang pagkawala ng pandinig ang numero unong kakulangan sa pagsilang pa lamang?

Ayon sa Center for Disease Control and Prevention (CDC), ang pakawala ng pandinig ang nangunguna sa mga depekto ng mga bagong silang na sanggol.

Bakit mahalagang malaman kaagad ang kawalan ng pandinig sa mga bata?

Ang mas maagang pagkaalam sa kawalan ng pandinig sa mga bata ay makapagbibigay ng mas mabuting suporta at serbisyo sa pagpapahusay ng kanilang pasasalita at pag-unawa. Isa sa mga target ng aming sistema ay ay ang 1-3-6 benchmark: pagsusuri ng lahat ng mga bagong silang na sanggol sa Guam sa loob ng isang buwan; ang pagkumpleto ng Diagnostic Audiological Evaluation (DAE) para sa mga sanggol na nangangailangan ng follow-up screening sa loob ng 3 buwan; at ang pagtatala ng mga sanggol sa maagang serbisyong gamutan na may pagkawala ng pandinig sa loob ng 6 na buwan.



Anung mangyayari kapag ang isang sanggol ay hindi nakapasa sa kanyang pandinig na pagsusuri?

Ang mga sanggol na hindi makakapasa sa kanilang inisyal na pandinig na pagsusuri at irerekomenda sa Guam Early Intervention System. Kung hindi sila makapapasa sa ikalawang pagsusuri, sila ay papayuhang kumunsulta sa isang audiologist para sa pormal na Diagnostic Audiological Evaluation (DAE). Kapag ang isang sanggol ay napagalaman na may kakulangan sa pandinig, isang komprehensibong pagsunod at obserbasyong sistema na kilala bilang Guam ChildLink-EHDI ang naitatag upang masiguro na ang lahat ng mga sanggol ay makatanggap ng naaangkop na karagdagang serbisyo.

Ano ang kayang gawin ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman ang mga batang may kawalan ng pandinig o bingi?

Maaring silang makatulong sapamamagitan ng pagtatanong sa mga magulang o mga tagapagalaga kung mayroon silang mga pag-aalala o katanungan tungkol sa pag-unlad ng pandinig, pananalita o wika ng kanilang anak, at kung ang sanggol ay may mataas na posibilidad ng pagkabingi sa bawat pagkunsulta.

Paano ako makakakuha ng iba pang impormasyon tungkol sa proyektong Guam EHDI Fitme?

Maaring kayong bumisita sa aming website: www.guamehdi.org. O kami'y tawagan sa 735-2466 para sa mga pulyeto at mga poster na maaring ibahagi sa inyong pamilya. Maaari ninyo rin kaming Makita sa Facebook: **Guam Early Hearing Detection and Intervention**



Alam mo ba na ang proyektong Guam EHDI ay may pangkalahatang pasilidad sa pagsusuri sa pandinig ng mga bagong silang na sanggol sa Guam simula pa noong 2003?

Ang Pulic Law 27-150 o "The Universal Newborn Hearing Screening and Intervention Act" ay naipasa noong Disyembre 2004. Ang Guam EHDI ay nakasisiguro na ang lahat ng mga sanggol na isisilang sa Guam ay makatanggap ng pagsusuri sa pandinig bago sila umalis sa pasilidad kung saan sila ipinanganak. Ang Pangkalahatang Pagsusuri sa Pandinig ay bahagi ng pamantayang pangangalaga sa Guam Memorial Hospital Authority (GMHA), Sagua Mañagu Birthing Center (SMBC), Guam Regional Medical City (GRMC), at ang U.S. Naval Hospital.



This product is supported by the Health Resources and Services Administration (HRSA) of the U.S. Department of Health and Human Services (HHS) under Grant No. H61MC24883 Newborn Hearing Screening and Intervention (\$250,000). This information or content and conclusions are those of the author and should not be construed as the official position or policy of, nor should any endorsements be inferred by HRSA, HHS or the U.S. Government. Facilitated by the University of Guam Center for Excellence in Developmental Disabilities Education, Research, & Service (Guam CEDDERS). The University of Guam is an Equal Opportunity Provider and Employer.



The University of Guam is an Equal Opportunity Provider and Employer.